

****Ang Promotion na 0-Fees sa Unang Transfer at Special FX Rate sa Unang 2 Transfer****

****Mga Tuntunin at Kundisyon:****

- Para maging kwalipikado para sa promotion na 0 Fees sa Unang Transfer at Special FX Rate sa Unang 2 Transfer ("Promotion"), dapat kang mag-sign up sa unang pagkakataon sa pamamagitan ng screen na nag-link sa iyo sa mga tuntuning ito at dapat mong matagumpay na makumpleto ang una at pangalawa mong transfer sa Panahon ng Promotion gaya ng mas detalyadong inilalarawan sa mensahe tungkol sa Promotion na nag-link sa iyo sa mga tuntuning ito (ang bawat matagumpay na nakumpletong transfer ay isang "kwalipikadong transfer").

- Para maituring na "matagumpay na nakumpleto" ang isang transfer, ang transfer ay dapat naideposito sa bank account o mobile wallet ng gusto mong recipient, maayos na naihatid sa recipient, at/o na-pick up ng recipient ang perang ipinadala sa isa sa aming mga partner na lokasyon (depende sa sitwasyon). Hindi itinuturing na mga "matagumpay" na transaksyon ang mga transaksyong posibleng humantong sa pagtanggì sa bayad o chargeback.

- Available ang Promotion para sa mga bagong customer lang at limitado ito sa isa (1) kada tao. Hindi kwalipikado sa Promotion na ito ang mga kasalukuyang customer.

Mga kundisyon sa 0 Fee na transfer:

- Direktang mailalapat ang 0 fee na transfer sa iyong unang matagumpay na nakumpletong transaksyon.

- Hindi nalalapat ang (mga) 0 Fee na transfer sa mga transaksyong ginawa sa pamamagitan ng mga credit card.

Mga kundisyon para sa Espesyal na FX Rate:

- Ilalapat ng Remitly ang special foreign exchange rate nang direkta sa iyong unang dalawang (2) kwalipikadong transfer sa promotion cap ayon sa nakasaad sa page ng o mensahe tungkol sa Promotion, na nag-link sa iyo sa mga tuntuning ito (ang "Promotion Cap"). Kung isa kang customer sa UAE, ilalapat ng partner bank ng Remitly (nalisensya ito ng Central Bank of the United Arab Emirates) ang special foreign exchange rate

- Kung magpapadala ka nang mas mababa sa Promotion Cap, hindi ilalapat ang Espesyal na FX Rate sa mga susunod na transfer.

- Ang mga halagang ipinadala na lampas sa Promotion Cap ay ipapadala gamit ang foreign exchange rate na karaniwang nalalapat sa serbisyong pinili mo noong panahong ginawa ang transaksyon mo. Puwedeng magbago paminsan-minsan ang FX rate ayon sa pagpapasya ng Remitly.

- Walang monetaryong halaga at hindi maaaring i-transfer ang Promotion na ito.

- Magsisimula ang Promotion sa 7:29 2026 nang 12:00 [Pacific Standard Time / Pacific Daylight Time] at magtatapos nang 4:59 [Pacific Standard Time / Pacific Daylight Time] sa 9:30 2026 ("Panahon ng Promotion"). Ang server ng Remitly ay ang opisyal na orasan para sa Promotion na ito. Maaaring magbago ang lahat ng petsa. Ang mga transfer na isinumite bago o pagkalipas ng Panahon ng Promotion ay hindi magiging kwalipikado sa Promotion na ito.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang (a) limitahan ang bilang ng mga indibidwal kada sambahayan na kwalipikado sa Promotion na ito; at (b) diskwalipikahin ang mga transfer na sa tingin nito ay naglalayong lusutan ang mga patakaran ng Promotion, o na itinuturing na mapang-abuso. Ang anumang pagtatangka ng customer na abusuhin ang Promotion na ito sa pamamagitan ng paggamit ng marami/iba't ibang pagkakakilanlan, impormasyon sa pagpaparehistro, kredensyal sa pag-log in, at/o anupamang paraan ay magreresulta sa kawalan ng kakayahan at diskwalipikasyon ng customer na matanggap ang Promotion ayon sa sariling kapasyahan ng Remitly (na makatwirang kumikilos).

- Kung nararapat kang makatanggap ng anumang refund, wala kang karapatang makatanggap ng anumang halagang mas malaki sa halagang ibinayad mo para magawa ang money transfer.

- Kung pipiliin mong lumahok sa Promotion na ito, hindi ka magiging kwalipikadong lumahok sa iba pang promotion na maaaring patakbuhin ng Remitly at kung saan maaari kang maging kwalipikado. Pinal ang pagpapasya mong lumahok sa Promotion na ito.

- Hindi ka magiging kwalipikado para sa Promotion na ito kapag kinansela ang o hindi sapat ang pagpopondo sa iyong transfer. Hindi magiging valid ang Promotion na ito para sa anumang transfer na kinansela mo o ng Remitly.

- Hindi ka maaaring lumahok sa Promotion kung ang paggawa nito ay ipinagbabawal ng anumang naaangkop na batas, kautusan, o regulasyon.

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang ipawalang-bisa ang anumang pag-redeem sa alok na mukhang mapanloko, nagreresulta mula sa mapanlokong transaksyon, o hindi sumusunod sa [Kasunduan sa User ng Remitly.](<https://www.remitly.com/home/agreement>).

- Nakalaan sa Remitly ang karapatang kanselahin ang Promotion anumang oras, nang may paunang abiso o wala. Kikilalanin ang anumang kwalipikadong transfer kung sinimulan ito bago ang pagkansela ng Promotion.

- Ang lahat ng impormasyong kinolekta sa iyo bilang bahagi ng Promotion ay mapapailalim sa [Patakaran sa Privacy ng Remitly.](<https://www.remitly.com/home/policy>)

- Ang iyong paglahok sa Promotion ay saklaw rin ng at napapailalim din sa mga tuntunin ng [Kasunduan sa User ng Remitly](<https://www.remitly.com/home/agreement>) at sa iba pang tuntunin at abiso na ginawang available sa aming serbisyo. Mga customer sa UK/EU: sumangguni rin sa aming [dokumento ng Impormasyon sa

Pangunahing Serbisyo](<https://www.remitly.com/home/key-service-information>) na nagbibigay ng mga detalye tungkol sa paggamit ng serbisyo ng Remitly.

- Kung at hangga't may kontrahan o salungatan sa pagitan ng mga dokumentong binanggit sa itaas at ng mga tuntuning ito, ang mga tuntuning ito ang mangingibabaw hangga't mayroong anumang naturang kontrahan o salungatan.
- May iba pang fee at gastusin na maaaring malapat sa iyong money transfer at inirerekomenda naming suriin mo ang mga ito sa pamamagitan ng aming serbisyo at ng aming [Kasunduan sa User.](<https://www.remitly.com/home/agreement>).
- Kasama sa panganib ng paggamit sa aming mga serbisyo ang pag-iiba-iba ng halaga ng mga currency na tinutukoy ng mga international na market ng pananalapi at hindi namin kontrolado. Ibig sabihin, kapag nagbayad ka sa Remitly para magpadala ng pera sa ibang currency sa isang recipient, ang halaga ng pera na maaari mong ibayad para makagawa ng money transfer sa isang araw ay posibleng iba sa halagang kailangan mo para magawa ang parehong pagbabayad sa ibang araw.
- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa US: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly, Inc ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng United States of America. Ang Remitly, Inc. ay Nilisensyahan bilang isang Money Transmitter ng New York State Department of Financial Services at sa PR (TM-143), isang Foreign Transmittal Agency sa MA, at isang Currency Transmitter sa RI. NMLS No. 1028236.
- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa CA: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Canada, Inc ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng Canada.
- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa AU: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Australia Pty Ltd ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng Australia. Ang Remitly ay isang kumpanyang nakarehistro sa Australia.
- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa UK: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly U.K, Ltd ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng UK. Ang Remitly ay isang kumpanyang nakarehistro sa England at Wales na may registration number ng kumpanya na 09896841. Nakarehistrong address: 90 Whitfield Street, W1T 4EZ London, England, United Kingdom. Ang Remitly ay awtorisado at pinapangasiwaan ng Financial Conduct Authority sa ilalim ng Electronic Money Regulations 2011 (reference number na 1047222) para sa probisyon ng mga serbisyo sa e-money at pagbabayad.
- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa EU: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Europe Limited ("Remitly") at iniaalok lang sa mga residente ng Austria, Belgium, Cyprus, Czech Republic, Denmark, Finland, France, Germany, Greece, Ireland, Italy, Liechtenstein, Lithuania, Malta, Netherlands, Norway, Poland, Portugal, Romania, Slovakia, Spain, at Sweden.. Ang Remitly Europe Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, ay pinangangasiwaan ng Central Bank of Ireland. Nakarehistro ang Remitly sa Ireland sa ilalim ng company number 629909. Nakarehistrong address: Ground Floor, 1 Albert Quay, Ballintemple, Cork, T12 X8N6,

Ireland.

- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa SG: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Singapore Pte. Ltd. at iniaalok lang sa mga residente ng Singapore. REMITLY SINGAPORE PTE. LTD. (UEN: 201920838N) ("Remitly") ay nilisensyahan ng Monetary Authority of Singapore para makapagbigay ng Cross-Border na Money Transfer Service bilang isang Major Payment Institution (PS20200320). Pakitandaan na hindi ito nangangahulugan na magagawa mong bawiin ang lahat ng perang ibinayad mo sa Remitly kung mabigo ang negosyo ng Remitly.

- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa UAE: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly (DIFC) Limited at iniaalok lang sa mga residente ng UAE. Ang Remitly (DIFC) Limited ay pinangangasiwaan ng DFSA. Ang marketing material na ito ay inilalaan lang para sa mga Retail Client.

- Kung iniaalok ang Promotion sa mga customer sa NZ: Ang Promotion na ito ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly NZ Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, at iniaalok lang sa mga residente ng New Zealand. Ang Remitly NZ Limited, na nagnenegosyo bilang Remitly, ay isang kumpanyang nakarehistro sa New Zealand (company number 8361344). Ang Remitly ay nakarehistro sa Financial Service Providers Register (FSP number 1003229) na nagnenegosyo bilang isang money o value transfer service, at nagpapapalit ng foreign currency.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa JP: Nakarehistro ang Remitly Japan K.K. bilang Type II Funds Transfer Service Provider sa ilalim ng Payment Services Act (Kanto Local Finance Bureau No. 00077). Hindi kami isang bangko at hindi kami tumatanggap ng mga deposito. Nakarehistrong address: Otemachi Bldg 4F Otemachi 1-6-1, Chiyoda, Tokyo, 100-0004, Japan.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa ISR: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Israel (Rewire O.S.G Research and Development Ltd) ("Remitly") at ino-offer lang sa mga residente ng Israel. Ang Remitly Israel (Rewire O.S.G Research and Development Ltd), Kumpanya blg. 515193704, ay may lisensya para sa probisyon ng mga serbisyo sa pagbabayad at basic na initiation sa pagbabayad, na pinapangasiwaan ng Israel Securities Authority, at lisensya para sa probisyon ng mga basic na serbisyo sa credit (Num. ng Lisensya 63687), na pinapangasiwaan ng Capital Market, Insurance and Savings Authority.

- Kung ino-offer ang Naaangkop na Promotion sa mga customer sa BRA: Ang Naaangkop na Promotion ay ibinibigay at pinapatakbo ng Remitly Corretora de Câmbio Ltda at ino-offer lang sa mga residente ng Brazil.